



Historical scholarship. Relevance. Meaning.

# GALEÓN

NOVEMBER 2020 Vol. 17 No. 4 14 pages

Official Newsletter of the Cavite Studies Center • DE LA SALLE UNIVERSITY-DASMARIÑAS

## Victorious Battles in Cavite



**Battle of Binakayan**

<https://cavite.gov.ph/home/2017/02/23/battle-of-binakayan-monument/>

Cavite revolutionists earned their respect from fellow Filipino revolutionists because of the battle they led and won from August 31, 1896 to February 1897. Alfredo Saulo in his book *Emilio Aguinaldo: Generalissimo and President of the First Philippine Republic – First Republic in Asia* (1983) mentioned these short lived liberated areas as Cavite's Little Republic because the Spaniards failed to penetrate the revolutionary defenses especially in Imus, Binakayan,

Dalahican, and Zapote. During those battles, several unsung heroes were martyred and remained unidentified until researchers found their names in the pages of primary sources written by eyewitnesses and participants in the event. Included in these sources are the accounts of Carlos Ronquillo, Emilio Aguinaldo, Artemio Ricarte, Manuel Sityar, and the compilation of Santiago Alvarez among others.

(continued on page 2)



(Victorious battles...from p. 1)

One of the revolutionary defenses that the Spaniards tried to break were the trenches. These were constructed along the bayside under the direction of General Edilberto Evangelista. His trenches were effective when the enemy launched its offensives in Binakayan and Zapote. On the other side of the Bay, the Calero bridge served as the defense line from the enemy coming from Cavite Puerto. In both cases, Filipinos shed their blood to defend these areas to repulse the enemy offensives.

Those were the times when Filipinos cast their lives in honor of independence. Worth mentioning in those battles are the martyrdom of General Candido Tirona who fought in the battle of Binakayan and Gregoria Montoya who fought and perished in the battle of Dalaikan.

Alvarez quoted his memoirs in the battle of Binakayan and Dalaikan:

*Kinabukasan, ika-9 ng Nob., 1896, ika-6 oras n. u., sa mga tanggulan ng Binakayan at Dalaikan, dumaraagsa ang unos ng mga punlo ng baril at mga punlo ng kanyong pambundok, bukod ang sa mga kanyon ng mga daong na pandigma, at pangatawanang nilulusob ang mga tanggulan ng Hukbong Naghihimagsik. Ang pangulung-digmang APOY, kapagkarakang makarinig ng unang buhos ng putok ng Kaaway, madaling nagtungo sa tanggulan hinaharap ng mga Kalaban (bateria No. 2), kasama ang hen. Mariano R. de Dios at ilang mga kawal. Ang tanggulan ay nasa pag-iingat ni komandante Pio Baluyot, na siyang naging kahalili ng namatay na komandante Aklan; kasama ng una sina kapitan Gregorio Gañak, kapitan Hipolito Sakilayan at komandante Epifanio Malia. Sa nabanggit na kuta ay may isang munting lantaka, na ang ibinabala ay dalawang dakot na putul-putol na bakal, sapat makasalanta hanggan limang daang dipang agwat. Lahat ng nangaroroon, mula sa komandante, hanggan sa katapusang kawal ay 23 katao, pawang may baril na*

*remington at isang mauser, tangi pa ang isang babaing matanda na nagngangalang Goria, na ayaw umalis at igaganti raw ang kanyang asawang namatay sa pagkakalusob sa kuta ng mga Kaaway sa Dalaikan.*

*Patuloy ang walang hintong pamamaril, panganganyon at paglusob ng mga Kalaban; ayaw pasagutin ng putok ni hen. APOY ang mga Kawal ng Bayan, samantalang hindi nalalapit na mabuti ang mga Kaaway, at nang ang mga ito ay nangasasa puno na ng sinirang tulay maliwanag nang magkakarinigan ng salitaan, sumigaw ang Pangulung-Digma ng: "Dapa, mga pilipino!", kasabay ng pag-uutos na susuhan ang lantaka at ng sabay-sabay na putok ng barilan; noon di'y nagtimbuwangan at nawaag ang mga lumulusob na Kaaway, at ang kanilang ikalawang sunod na pulutong ay umurong nang tutoong napakalayo, sa halip na sumubo. Sa ganito'y pinag-ingatan*

(continued on page 5)

Emmanuel F. Calairo, PhD  
Editor-in-chief

Neriza M. Villanueva  
Publications Coordinator

Jomar Encila, Phillip Medina  
Contributors

Mylene B. Delatado  
Lay-out artist

Galeón is the official newsletter  
of Cavite Studies Center

For comments, suggestions or contributions, contact

#### CAVITE STUDIES CENTER

Second Floor, Aklatang Emilio Aguinaldo-Main  
De La Salle University-Dasmariñas  
City of Dasmariñas, Cavite 4115  
(02) 8779-5180- (046) 481-1900 to 30 loc. 3141

Disclaimer: Opinions and statements from the articles on this issue are the sole property of the authors and not the members of the publication team.



## EDITORIAL

# Modern-Day Heroes



Nurses of the City of Gen. Trias Doctors Medical Center

photo credit: Ms. Rachelle A. Gonzales

President Rodrigo Duterte stressed during his speeches that we have to fight COVID-19. This pandemic that claimed so many lives since the early months of 2020 is continuously ravaging the medical sector of the world. Until now, the race in developing the virus vaccine is in the process of clinical trial and hopefully, if things turn out well, is available next year.

In the meantime, President Duterte always reminded us about observing health protocols to prevent the virus infection. However, our frontliners are not an exemption from these because they are the ones who

handle COVID cases and always at the forefront of the danger of being infected.


In appreciation of their work, society joined the government in calling them "modern-day heroes". Modern-day heroes put their lives at stake to save lives and continue the societal needs for medication, peace and order, and to make sure that food is always available. Modern-day heroes are not those heroes in the past that served our country and die. They are heroes because, like heroes in the past, they did not think of themselves. On the other hand, they think of others on how to help them survive and see the future ahead of them.





# Ang Landas pa Biac-na-Bato: Palabas ng Cavite

Jomar Encila, TUKLAS Pilipinas, Inc.  
History Consultant, Taguig LGU



Heneral Miguel Malvar,  
pinuno ng retaguardia sa hukbo  
ni Heneral Emilio Aguinaldo

**M**a laking pinsala ang ginawa ng opensiba ni Gobernador Heneral Polavieja sa pamamagitan ng kampanya ni Heneral Jose Lachambre sa Cavite. Gawa nito'y napilitang bumaling sa pakidigmang gerilya ang hukbong rebolusyonaryo sa Cavite kung saan naatasang mamuno ang magkapatid na Emiliano at Mariano Riego de Dios



Bahagi ng Carta de las Provincias de Cavite, la Laguna, Batangas. Makikita ang Mt. Sungay Talisay, Tanauan, at Santo Tomas kung saan napagsyahang hindi itinuloy ang ruta mula rito.

(Aguinaldo, Mga Gunta 1998, p. 295-296). Kasama rin dito ang pasyang paunlakan ang paanyaya ng Heneral Mamerto Natividad sa hukbong hilaga upang mamalagi sa Biac-na-Bato at doon ay umurong at ipagpatuloy ang rebolusyon. Ngunit lingid sa kaalaman ng karamihan ay ang hirap na dinanas hindi lamang ng mga rebolusyonaryo kundi pati ng mga mamamayan na nais sumama sa kanilang mapanganib na paglalakbay. Ito ay mailalapat natin sa panlipunang dimensyon ng pagtalakay sa himagsikang Pilipino na hindi na mas nabibigyang diin o nalalaman man lang.

Malinaw ang dahilan ng pag-alis ng Cavite ni Hen. Aguinaldo. "Kaming mga kawal ng ating bayan ay lalabas muna dito sa Kabite. Kami'y mangangalap ng panglaban at magpapalaganap ng ating himagsikan" (ibid., 295). Ito ang kanyang winika sa mga taong nais pa ring sumunod sa kanya na nasa bundok ng Tala at

Buntis ng Maragondon. Maiuugnay din sa sagot na ito ang magiging kahihinatnan sa kasunduan sa Biac-na-Bato bilang isang pakunwaring pagbababa ng armas upang mas magpanibagong lakas.

Makikita rin ang kagandahang loob ng mga taumbayan na kahit kapos rin sa kanilang sariling suplay ng pagkain ay hindi nagdalawang isip na mag-abuloy para sa mga rebolusyonaryo kung saan winika ni Heneral Aguinaldo: "Kung di sa kagandahang loob ng mga ito, sana'y kami'y nadayukdok na ng gutom" (ibid., 299). Binanggit ng heneral sa kanyang gunita ang mga bayan ng Talisay sa Batangas at Lumil sa Silang. Isa namang larawan ang nailahad ni Ronquilo (Medina, p. 578; 1996) sa kanyang *Ilang Talata ng Himagsikan nang 1896-1897*. Ayon sa kanya, sa kagubatan at parang ng Kabite ay may nangamatay na matatanda



(*Ang Landas...from p. 4*)

at nabuhay na mga sanggol sa mga hamugan at basabasang kugon. Dagdag pa niya:

*"Doon mo mamamalas ang isang dimong babad pa ng dugo, na baong pinananawan ng isang bagong kaaanak. Doon mo makikita ang isang libingang sariwang-sariwa, na pinaghampulan ng isang kamag-anak . . . Doon din . . . Oh, ayaw na naming gunitain ang kahapis-hapis ang napagmalas na iyon!"*

Ito ay isa sa mga eksena kung saan ang taumbayan ay sinuportahan ang mga kawal sa mga sandaling mas kailangan nila. Mababakas na nakuba man muli ng mga Kastila ang Cavite, hindi na naging "tulisan" ang bansag ng taumbayan sa kalaban ng governo, para sa kanila, nagkakaisa na ang kanilang mga hangarin. Dahil sa panganib na nakaambang gawa ng mga patrolyang Kastila sa Tanauan at Santo Tomas, Batangas ay napagsyahan na itigil na ang rutang ito at umikot na lamang pabalik ng Talisay ang mga rebolusyonaryo at magtuloy na bumaba ng Silang hanggang Dasmariñas. Isa sa mga hindi nababatid ng karamihan ay ang papel na ginampanan ni Miguel Malvar bilang *retaguardia* ng

(*Victorious battles...from p. 2*)

*ng hen. APOY na ang mga Kawal ng Bayan ay huwag magbigay uli ng anumang putok, kung di malalapit, upang ang bawa't putok na bibitiwan ay malakas na makapamayani sa apat o limang kaaway. Ang babaing naroon o ang Goria, mabilis at buong tapang na tumayo sa ibabaw ng kuta; nagsisigaw at iniwasiwas ang kanyang hawak na panyong puti, na ang sabi ay panakip ng kalis sa pagmimisa ng Pare, at anting-anting na di nilalapitan ng punlo, datapwa't laban sa kanyang pag-asa, ang kawawang makabayang babae, walang anu-ano'y bigla*



Malapad-na-Bato Ferry Pasig River, Rizal Province. P. I.

Lokasyon ng Malapad na Bato kung saan ginawa ang pagtawid nina Hen. Aguinaldo noong 1897

hukbo sa Cavite kung saan nakasagupa ng mga Kastila dakong Trangka sa Silang (Ronquillo, p. 580).

Malaking tulong ang naganap na pagsalakay ng Magdalo sa Taguig – Pateros noong Enero 1-3 1897 kasama sina Heneral Emilio Aguinaldo, Pio del Pilar at Mariano Noriel upang magkaroon ng ideya ng pagpapatuloy sa landas pa Biac-na-Bato. Dagdag pa nito, malaking tulong si Hen. Pio de Pilar sa pagkapa ng ruta sapagkat siya ay taga-Culi Culí, bayan ng Makati na malapit sa Malapad na Bato upang makatawid sa ilog Pasig at maipagpatuloy ang totoong pakay.

*na lamang nabulagta, tuloy lagpak sa lupa na wala nang hinlinga.*

Prime Minister Cesar Virata, during the Cavite Historical Society meetings, always reminds us of our forebears who fought for freedom even without any expected remuneration, even if there was lack of food and ammunitions. Our forebears were ready to die for the sake of our independence. He termed it as the glorious days of Philippine history where Filipinos did not think of themselves, but struggled for the sake of their cherished independence.



## Paper Abstract: Webinar Series #6

### Local Culture and Traditions

The poster features a large blue stylized 'W' logo at the top left. Below it, the text 'LHCN WEBINAR SERIES 2020-2021' is displayed, followed by 'Sustaining the Discussion on Philippine History and Culture During the Pandemic'. A dark blue box labeled 'SERIES 6' is positioned above the title. To the right, the event details 'Local Culture and Traditions' and '18 November 2020, Wednesday, 9:00 AM - 12:00 PM' are listed. The panelists include Erihiya: Panimulang Pag-aaral sa Ilang Kinagisang Paniniwala sa Cavite (Jeffrey A. Lubang), Hapag Naic: Paano Ginagawang Masarap (Ryan Nazareno Sebastian), Ang mga Sikat na Modista ng Cavite sa Mundo ng Moda (Dr. Jesus Medina), Dr. Emmanuel F. Calairo (Moderator), Gina C. Batuhan (Guest), and Michael Angelo Dobaldo (Guest). Logos for the National Historical Commission of the Philippines and various government agencies are shown at the bottom.

#### Ang Pamana ng mga Kabitenyero sa Moda

**Jesus A. Medina, PhD**  
Professor, Social Sciences Department  
College of Liberal Arts and Communication  
De La Salle University-Dasmariñas

#### Abstrak

Ang pagdadamit ay isa sa pangunahing pangangailangan ng tao bukod sa pagkain at matitirahan. Hindi nakapagtatako kung gayon na hindi mabilang ang mga tahian at modista sa iba't ibang bahagi ng mundo. Ang lalawigan ng Cavite ay hindi naiiba sa ganitong uri ng *phenomena* dahil sa maraming mga Kabitenyero ang pumasok sa ganitong uri ng hanapbuhay – ang pananahi. Ang mga mananahing ito, na mas kilala bilang modista, ang puso ng isang tahian.

Sa pag-inog ng panahon, marami nang mga Kabitenyong modista ang nakilala dahil sa kanilang husay sa paggawa ng damit. Sila na nakapagbigay

karangalan hindi lamang sa sarili kundi maging sa mga bayang pinanggalingan ang siyang magiging pokus ng pag-aaral.

Sa metodong historikal, natuklasan na may mga modistang nakilala maging sa labas ng kanilang bayang pinagsmulan. Maging ang kanya-kanya nilang husay ang nagpatingkad sa kanilang pangalan sa mundo ng moda.

Nirerekomenda ng pag-aaral na palawakin ang kaalaman ng mga taong gustong pumasok sa mundo ng moda sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga paaralang pang-modista na ang mga tanyag na modista ang magsisilbing mga gurong magbibigay ng karunungan sa mga susunod na henerasyon ng modista. Ang suporta ng iba't ibang sektor ng lipunan sa pananahi ay makakapagpaunlad sa industriya ng moda sa Kabite at sa iba pang panig ng mundo.

**Mga Susing Salita:** moda, modista, Kabitenyero

(continued on p. 12)



Serye Silang No. 1

## Kapistahan, Binyagan at Pagkabayan

ni Phillip N.A.L. Medina

**N**gayong taong 2020, pagkatapos ng matinding pagsabog ng abo ng Bulkang Taal, ang mga taga-Silang ay nangangapa kung magdiriwang pa ba ang kapistahan o hindi. Subalit kahit sa gitna ng pagdarahop ng kalamidad, ninais pa ring magbigay pupay ang mga mamamayan sa kanilang pintakasi at patrona ng bayan.

Ipinagdiriwang ng bayan ng Silang ang kanyang ika-425 na kapistahan bilang simbahang Katolika at parokya sa Cavite. Kilala ang kapistahan ito sa tatlong araw (Pebrero 1, 2 at 3) na pagpipiging at labindalawang araw na pagdarsal simula *novena* hanggang mga misa ng kapistahan (Enero 22 hanggang Pebrero 3). Tampok din ng kapistahan ito ang pagbabasbas ng mga kandila at malawakang pagbibinyag sa mga sanggol na ipinanganak at hinihinitay ang kanilang *bautismo*.

At kung ating babalikan ang nakaraan, isang karaniwang katanungan ay, "kailan naganap ang unang pista sa bayan ng Silang? Anong mga ritwal na naganap sa panahong ito? May mga ninong at mga ninang na ba sa binyagan? May handaan ba noon?"

Mula sa liham ng isang Heswitang pari, Leonardo Scelsi, na nailathala na bahagi ng akda ni Pedro Chirino sa kanyang *Libro Quatro de la Primera parte dela Historia de la Provincia de Philippinas de la Compania de Jesus*, dito nabanggit ang unang pista sa bayan ng Silang.

Kasama ni Padre Scelsi ang Heswitang Rektor ng Maynila, Padre Juan de Rivera, upang maisagawa ang misyon sa Silang noong 1601 dahil na rin sa kahilingan ng encomenderong si Kapitan Diego Jorge de Villalobos. Dumating sila sa lugar noong ika-17 ng Enero, Miyerkules at dito tinipon ang mga katutubong Silangueño upang makapaglingkod sa Simbahan bilang sakristan o maging miyembro ng koro.

Ang mga katutubo ay may kaalaman na sa relihiyong Katolisimo sapagkat taong 1585 dumating na ang mga Pransiskano para sa kanilang misyon sa bulubunduking bahaging ito ng lalawigan at itinatag

ang pagkabayan nito. Naitatag ang Parokya ng San Diego de Alcala de Silang noong ika-3 ng Pebrero 1595. Subalit hindi na kinakaya ng mga Pransiskanong prayle na panghawakan pa ang Silang kung kaya't mismong ang encomendero na nangangasiwa sa pueblo ang humiling sa mga Heswita na pangasiwaan ang parokya ng Silang.

Sinasabing muling tinuruan ang mga batang lalaki at babae ng katekismo. May mga pagsusulit kada grupo ng antas ng mga mag-aaral. Ang mga nakatatanda naman ay nakatatanggap din ng katekismo at ang ilan ay humiling ng banal na pagbibinyag.


Ang unang nakatalang pagbibinyag ay naganap noong ika-2 ng Pebrero, Biernes, Pista ng *Purificacion* at itinanging titulo ng bayang ito sa ngayon. Tatlumpong matatanda ang nabinyagan. Nagkaroon din ng pangalawang pagbibinyag noong ika-12 ng Pebrero, araw ng Lunes, kung saan 35 matatanda at apat (4) na sanggol ang nabinyagan. Mapalad ang mga ito nang dinaluhan nina Don Jorge de Villalobos at kanyang asawa, Doña Magdalena de Illescas, ang pagdiriwang at tumayo pa bilang mga ninong at ninang ng mga binyagan.

Nabanggit din sa mga talang ito noong ika-17 dantaon ang ilang mga ritwal na itinuro para sa kapistahan ng *Purificacion*. Isa na rito ang paggamit ng kandila bilang isang natatanging simbolo ng pananampalataya. Tuwing Linggo lalo na kung kapistahan ng Simbahan, ang mga tao at nagdadala ng mga kandila upang mapabendisyunan. Ito ay isang tradisyon na magpahanggang ngayon ay ginagawa sa pista ng Silang at sa kanyang mga mahahalagang okasyon. Ayon rin sa kasabihan ng mga matatanda, sinasabing ang benditang kandila ang siya lamang na liwanag na magninigas at magpapailaw sa pagdating ng katapusang panahon.

Nasa matandang salaysay rin ng mga matatanda na ang mga kandila ay itinatago pagkatapos ng

(continued on p. 12)





## Cavite Historical Events

(From Cavite's Historical Calendar, T. P. Unabia, DLSU-D, 1997)

### 01 NOVEMBER

1896 The municipal president of Silang received a communication that two carabaos with marks 1A:10 = IA:10 had been surrendered by Lucio Maguage. It was known that the carabaos were under the care of Simeon Oliveros (Achutegui and Bernad, 1972:221).

1897 General Emilio Aguinaldo became the president of Biak-na-bato Republic. Its Constitution which was copied from the Cuban Constitution of Jimaguayo was written by Felix Ferrer and Isidoro Artacho (Agoncillo and Guerrero, 1977:208).

### 02 NOVEMBER

1897 The Supreme Council was created in accordance with Article 1 of the Biak-na-bato Constitution. The council's elected officials were Emilio Aguinaldo, president; Mariano Trias, vice-president; Antonio Montenegro, secretary of foreign affairs; Isidoro Artacho, secretary of the interior; Emiliano Riego de Dios, secretary of war; and Baldomero Aguinaldo, secretary of the treasury.

### 03 NOVEMBER

1845 Joaquin Arlegui, the Vicar General of the Archdiocese of Manila, informed Governor-General Claveria that the funds for the construction of Salinas (Rosario) Church could be entrusted to Don Miguel Rocas.

1979 The first Local Government Investors-Industrialists Conference was initiated by Governor Juanito Remulla in Puerto Azul.

### 04 NOVEMBER

1918 Don Severino de las Alas, a revolutionary leader from Indang, Cavite, died.

### 05 NOVEMBER

1897 The Archbishop authorized to have the roof of the burned Rosario Church be made of nipa.

### 06 NOVEMBER

1873 Birth of Leonardo Osorio in Cavite Puerto. He was the third governor of Cavite during the American regime. His brother was one of the "Thirteen Martyrs."

### 07 NOVEMBER

1751 King Philip of Spain, through his Royal Decree, expressed approval of how Don Pedro Calderon Enriquez, member of the Royal Audiencia, pacified the Agrarian revolts of 1745-1746 in Imus, Bacoor, Kawit, and other parts of Luzon on account of land grabbing by the friars.

1896 Approximately 1,900 infantrymen, marines, engineers, and artillerymen led by Col. Jose Marina Vega were to attack the beach in Binakayan at night time but they failed (Filipino Heritage, VIII, 1981:8).

### 08 NOVEMBER

1896 Uninformed of the delayed landing, the four Spanish gunboats across Dalahikan and the armed launchers facing Binakayan began a barrage of fire which confused the Spanish troops struggling to reach the beach of Binakayan.

- Governor and Captain-General Ramon Blanco ordered the bombardment of Kawit at five in the morning. At ten o'clock, 400 houses in Binakayan were torched (Corpuz, II, 1989:236).

### 09 NOVEMBER

1896 The Battles in Dalahican and Binakayan were fiercely fought. The Spaniards began the siege of six



(Cavite Historical ...from p. 8)

in the morning. They made four attempts to capture the fort in Dalahikan but every time they do, they were repulsed. The Magdiwang was led by Gen. Santiago Alvarez. He was assisted by Gen. Mariano Riego de Dios, Major Pio Baluyot, Gregorio Ganak, Hipolito Sakilayan, and Mayor Epifanio Malia and many others. A small native cannon with a range of about 500 arm's length served as the revolutionists; principal weapon against the firepower of the enemies (Alvarez, 1992:63-64).

- Initiation of Roman Basa into the Katipunan. His symbolic name was "Liwanag." He became the second president of the Katipunan in February 1893.

#### 10 NOVEMBER

1896 Candido Tria Tirona, the first revolutionary capitan municipal in the Philippines who gained popular acclamation after the capture of Cavite el Viejo (Kawit) tribunal on August 31, 1896, died in the Battle of Binakayan. During the battle, the Spaniards failed to land troops despite artillery support from the peninsula of Cavite and from the Spanish warships in Manila Bay.

#### 11 NOVEMBER

1896 General Emilio Aguinaldo, the Magdalo and the volunteer fighters defeated the Spanish forces under Gov.-Gen. Ramon Blanco during the Battle of Binakayan.

#### 12 NOVEMBER

1827 Aniceto Mariano of Imus, who worked as a spy for the Spanish troops, was killed by the tulisanes led by Agustin Munic, Luis Parang and Juan Upay. His widow, Abdona dela Rosa, requested that a life pension be granted to her and that she and her children be exempted from paying tribute for life. The request was granted and espionage for the authorities was strengthened (Medina, 1994:97-98).

1896 The Spaniards started bombarding with cannon shots from Porta Vaga the towns of Cavite el

Viejo, Bacoor and Noveleta. Their retaliation went on till November 14. No serious damage on the towns was wrought (Aguinaldo, 1967:100).

- Gen. Ramon Bernardo accompanied by Katipunero Bruno of Ugong, Pasig, Capt. Selmo of Pineda, and a few others arrived at the Magdalo fortification in Zapote to deliver the letter of Supremo Andres Bonifacio to Gen. Emilio Aguinaldo and Gen. Mariano Alvarez. The letter contained a report on the situation and on the battles of the Supremo and his men (Alvarez, 1992:158).

#### 13 NOVEMBER

1896 Emilio Aguinaldo ordered the construction of trenches and fortifications in the Sungay Mountain in Silang and in the southern and eastern boundaries of Cavite Province (Achutegui and Bernad, 1972:58).

1899 President Emilio Aguinaldo pursued by the Americans left Bayambang, Nueva Ecija and began the flight across northern Luzon. He was escorted by the troops of General Gregorio del Pilar.

#### 14 NOVEMBER

1904 Corregidor was first occupied by the Americans as a convalescent hospital. It became the seat of the Commonwealth during the Second World War.

#### 15 NOVEMBER

1899 President Emilio Aguinaldo and his party left Pozorrubio, Panganisan. He was almost caught by the Americans who were beginning to enter the town.

#### 16 NOVEMBER

1896 Cayetano Topacio, treasurer, banned the importation of tobacco, cigarettes and liquor and forbade entry of merchants dealing with these items.

Topacio issued a circular to the president of the towns asking for a census of farms and cattles (Achutegui and Bernad, 1972:137).

(continued on p. 10)



(Cavite Historical...from p. 9)

- Baldomero Aguinaldo issued a circular announcing the appointment of Daniel Tria Tirona, Minister of War; Edilberto Evangelista, Lt. Gen.; Crispulo Aguinaldo, Camp Marshall; Salvador Estrella, Brig. Gen.; Marcelino Aure, Colonel; Pio del Pilar, Colonel; Tomas Mascarado, Colonel; Gregorio Bautista, Major; Lazaro Makapagal, Lieutenant; Agustin Rieta, Lieutenant; Jose Elises, Fiscal Colonel; and Placido Martinez, Judge Instructor (Achutegui and Bernad, 1972:63).

- Batong Buhay sent circular to the municipal presidents requesting that prayers be offered to the Blessed Virgin Mary in gratitude for the recent victories in Binakayan and Noveleta.

1899 Trinidad Famy, mother of President Emilio Aguinaldo together with Emilio Aguinaldo's son, and Felipe Buencamino, were captured by the Americans.

#### 17 NOVEMBER

1896 Cayetano Topacio issued a third circular to all the municipal presidents urging the people to plant camote, corn, tobacco, and other seasonal crops (Achutegui and Bernad, 1972:140).

- Baldomero Aguinaldo, President of the People's Council of Magdalo, issued a proclamation on proper respect for officials.

1978 Canonical coronation of the image of the Virgin of Solitude by the Most Reverend Bruno Torpigliani, Apostolic Nuncio to the Philippines. The canonical coronation was held through the initiative of Msgr. Baraquiel E. Mojica, parish priest of San Roque (Saulo and de Ocampo, 1990:100).

#### 18 NOVEMBER

1833 Birth of Maximo Inocencio. He was a contractor, ship-builder, lumberman and one of the "Thirteen Martyrs" of Cavite (Historical Calendar, 1970:187).

1856 Birth of Maximo Gregorio. Though not a Caviteño, he was responsible in organizing section councils of Katipunan in Cavite Puerto. One of them was the establishment of Balangay No. 1 named Marikit in San Antonio with Julian Jimenez as president and Ireneo Dayao as secretary. Gregorio also established Balangay No. 2 called Lintik in San Rafael with Jose Adreosola Reyes as president and Quiterio Advincula as secretary. Both balangays belonged to the town of San Roque (Manuel, I, 1955:204-205).

#### 20 NOVEMBER

1874 Guillermo Tirona married Jacoba Paredes. The union was an intermarriage of wealth as illustrated by the melting of silver of both principalia families and by transforming it into separate silverware sets with the monograms of Jacoba and Tirona engraved on them (Medina, 1994:317).

1896 A circular from Baldomero Aguinaldo informed the municipal presidents that he had given authority to Daniel Lambong Mapakla and Celestino Virata to investigate all "ill-acquired animals" and to urged them to stop the widespread problem of cattle-rustling (Achutegui and Bernad, 1972:219, 223).

#### 21 NOVEMBER

1755 A document mentioned the existence of the Obras Pias in the support of the Chapel of the Virgen de la Soledad (Saenz-Mendoza, 1990:39).

1896 Daniel Tria Tirona, the new Minister of War, sent a circular to all town presidents and military commanders on recruitment of troops (Achutegui and Bernad, 1972:64).

#### 23 NOVEMBER

1898 Gen. Emilio Aguinaldo formed a diplomatic mission to work for the recognition of Philippine independence. The Commission was composed of Felipe Agoncillo, president; Gen. Emiliano Riego de

(continued on p. 11)



(*Cavite Historical...from p. 10*)

Dios, vice-president; Gregorio Araneta, secretary; Benito Legarda, Juan Luna, Jose Lozada, Pedro P. Rozas, Antonio Regidor, Felix Roxas, and Jose Albert, members.

#### 24 NOVEMBER

1896 Gen. Emilio Aguinaldo issued a circular enclosing an order for the soldiers in the municipalities of Magdalo, Bakay, Haligue, Magpuri, Sumilang, Mapag-ibig G. Mapalad, Matalilong (Achutegui and Bernad, 1972:71).

- Martin Medina, the municipal president of Silang, sent a letter to the president of the Magdalo Government concerning a case of rape. Such move showed how a Revolutionary Government tried to maintain law and order and protect the rights of the citizens. (Achutegui and Bernad, 1972:150).

#### 25 NOVEMBER

1896 Jose Tagle, municipal president of Imus, released a circular to his fellow town presidents asking them to hunt and arrest Primo Beguinia of Tanauan, Batangas who showed signs of treachery to Katipunan (Achutegui and Bernad, 1972:154).

#### 26 NOVEMBER

1863 Birth of Gregorio Montoya. She was a Katipunera, revolutionary leader and heroine of the Battle of Calero also known as the Battle of Dalahican.

1896 Baldomero Aguinaldo sent a circular to the municipal presidents announcing the proclamation and a list of the officials of the Magdalo Government. The officials were Baldomero Aguinaldo (Mabangis), pangulo; Santiago Daño (Sabakan), unang kasanguni; Agrifino Rieta (Bakal), ikalawang kasanguni; Eusebio de Castro, ikaatlong kasanguni; Licerio Topacio (Mabaku), ikaapat na kasanguni at T.P. (Taga Pangasiwa) Daan; Felix Cuenca (Linkod), T.P. sa Bayani; Cayetano Topacio (Magtipon), T.P. Yaman; Daniel Tirona (Nahahanda), T.P. ng Laban; Emilio Aguinaldo (Magdalo), Pangulo sa

Digma; Edilverto Evangelista (Ipilar), Teniente General; Crispulo Aguinaldo (Makunat), Mariscal de Campo; Vito Belarmino (Walang Gulat), Brígida; Salvador Estrella, General de Brigada; Pio del Pilar (Pang-una), Coronel; Tomas Mascardo (Walang Gulat), Coronel; Marcelino Aure (Alapaap), Coronel; Gregorio Bautista, Commandante; Gil Ignacio (Laban), Commandante; Francisco San Miguel (Walang Gulat), T.I Kawal; Lazaro Macapagal, T.I Kawal; Agustin Recto (Wakas), T.I Kawal; Jose Elises (Masulong), Tiniente Fiscal; Placido Martinez (Cabangisan), Juez Interior (Achutegui and Bernad, 1972:160).

1898 President Emilio Aguinaldo issued a decree authorizing the Revolutionary Government to contract a national loan of ₱20M.

- The Malolos Congress authorized the Revolutionary Government under Pres. Emilio Aguinaldo to issue paper money amounting to three million pesos to be redeemed in three months.

#### 27 NOVEMBER

1833 Juan Francisco (Canso) of San Francisco de Malabon received the Royal Audiencia's sentence of 100 lashes and death by hanging for killing Ciriaco Canasa, warden of the Cavite provincial jail in November 1833. Francisco's co-accused, Melencio Trias, was meted out ten years of imprisonment (Medina, 1994:102).

1952 Fr. Felix Ignacio became the parish priest of Dasmariñas. He attended to the spiritual needs of the townspeople until April 30, 1057.

#### 28 NOVEMBER

1901 The Central Church of Cavite City (a United Church of Christ in the Philippines) was established by Rev. W.A. Prautch and Dr. James D. Rodgers, American Presbyterians Missionaries (Saulo and de Ocampo, 1990:101).

(continued on p. 13)



(Paper Abstract ...from p. 6)

## I/Erihiya: Panimulang Pag-aaral sa Ilang Kinagisnang Paniniwala sa Cavite

**Jeffrey Alfaro Lubang**

Professor, Social Sciences Department  
College of Liberal Arts and Communication  
De La Salle University-Dasmariñas

### Abstrak

Mayaman ang lalawigan ng Cavite sa mga paniniwala at kasabihan. Ang papel na ito ay isang panimulang paghawan sa mga kinagisnang mga i/erihiya sa lalawigan ng Cavite. Nagsmula sa salitang herejia, ang kahulugan nito ay mga paniniwalang nasa labas ng mga katuruan ng simbahang katolika. Inaasahang ang pag-aaral na ito ay isang pagbibigay pagkilala sa mga kinagisnang mga kasanayang pangkultura ng lalawigan ng Cavite.

## Hapag Naic: Gawing M.A.S.A.R.A.P.

**Angelo Ryan N. Sebastian**

Naic Historical Society

### Abstrak

Ang Naic ay mayaman sa mga pangyayaring natala sa kasaysayan at mga tradisyon sa bayan.

Ang papel na ito ay sesentro at sasalamin sa mga pagkaing naging bahagi ng kultura ng Naic. Hain ng bayang ito ang mahabang hapag ng mga pagkaing bibusog sa ating kaalaman na may kinalaman sa mga pagkaing naging bahagi ng iba't ibang okasyon at paniniwala ng mga taga-Naic.

Manahin, Alamin ang pinagtumalan, Saliksikin ang mga sangkap, Aralin ang pagluluto, Retratuhan, At iba pa. Pagmalaki.

(Kapistahan ...from p. 7)

misa para sa mga pangangailangan lalo na sa oras ng kalamidad at kamatayan. Matatandaan noong nakaraang mga buwan, nananawagan ang mga pari sa Silang na magsindi ng benditang kandila para maiwasan ang pandemya.

Bahagi rin ng unang pagdiriwang ng binyagan ang siyam na beses na pagbibigay ng komunyon, ilang beses na pagmimisa at ang palabas ng mga batang kumakanta at sumasayaw ng awit pangsimbahan at ang binyagan sa hapon bago lumubog ang araw.

Muling binuhay ang yugtong ito ng pag-awit noong nakaraang kapistahan sa pagbubuo ng *Coro Doscientos* o dalawang-daang kabataang koro ang umawit at nagpugay sa kadakilaan at pagmamahal ng Maykapal sa bayan ng Silang. Kanilang inawit ang isang bagong komposisyong pangmisa kasama na ang mga awiting "Sa Simbahan ng Silang" at ang "O Reyna ng Candelaria" at maging ang klasikong himig pambayan ng awit na "Birheng Candelaria". Kaalinsabay ng misang ito ang pagbubukas ng *Jubilee Door* at pagdedeklara ng Obispo ng Imus, Lubhang Kagalang-galang Reynaldo Evangelista bilang *Jubilee Church* ang Simbahan ng Silang kung saan ang mga matatandang batong haligi nito ay mismong mga misyonerong Heswita ang nagbuo at nananatiling nakatayo.

### Source:

Pedro Chirino, History of the Philippine Province of the Society of Jesus. Volume 2, trans. Jose S. Arcilla Quezon City: Ateneo de Manila University Press, [1606] 2009.

Si Padre Pedro Chirino ay isa rin sa mga Heswita pari na naitalaga sa Silang. Sa kanyang akda naitala ang ilan sa mga unang pangkasaysayan kolonyal na kanyang nasaksihan at naisulat. Mula sa nailathalang *Relacion de las Islas Filipinas*, kanyang mas napalawig ito sa limang aklat ng *Historia de la Provincia de Philippinas de la Compania de Jesus* 1581-1606 subalit hindi na ito agad napalimbag hanggang taong 1994 at 2009. Kinikilala ang kanyang mga akda bilang kauna-unahang datos ng pagbubuo ng misyon kolonyal sa Pilipinas.

Ang Serye Silang ay pagkilala sa ika-425 na Taon ng pagiging Parokya ng Matandang Simbahan ng Silang. Ang pagdiriwang ng simbahan at bayan ay magtatapos sa kapistahan nito sa taong 2021 sa pangangasiwa ng Kura Paroko, Silang Parish Council for Culture and Heritage at ng Komite 425. Makikita ang mga programa at proyekto sa kanilang official Facebook Page Celebrando 425. Si G. Phillip Medina ay ang kasalukuyang Chairman ng Komite ng Nuestra Señora de Candelaria para sa ika-425 Taon bilang Parokya.



## Salitang Cavite

Ang kultura ng Kabite ay mayaman sa talasalitaang maaaring magkaroon ng pareho o ibang kahulugan ayon sa paggamit ng mga naninirahan sa bawat bayang pinanggalingan. Ang kahalagahan ng mga talasalitaan sa komunikasyon ay bahagi sa anumang larangan at aspeto ng buhay.

Upang lubos na maunawaan ng mga mambabasa, ang kahulugan ng mga talasalitaang itatampok ay magpapakita ng pamumuhay, kaugalian, hilig, at pananampalataya na magpahanggang ngayon ay naririnig at sinasabi ng bawat Kabiteno. Sa pamamagitan ng kahulugan ng mga salita at mga halimbawang pangungusap, inaasahan ang patuloy na ugnayan sa kultura ng ating mga ninuno at sa relasyon ng bawat bahagi ng makabagong Kabiteno.

### BATAK – sanay sa gawaing mabibigat

Hal.: Kitang-kita sa kanyang katawan na siya ay *batak*.

### HAYA – maliliit na bunton ng bagong gapas na palay

Hal.: Napakagandang pagmasdan ang mga *haya* tuwing anihan sa gintong palayan.

### HIMIL – paghawak-hawak, pagpisil-pisil sa mga bagay na abot ng kamay

Hal.: Akala ko gulay lamang o prutas ang *hinihimil*, pati pala isda pinipisil din.

### MALAKATO – di-gaanong luto

Hal.: Kabilin-bilinan ni lola na hindi raw siya kakain kapag *malakato* ang kaniyang ulam.

(Cavite Historical...from p. 11)

### 29 NOVEMBER

1896 Felix Cuenca, minister of Grace and Justice, sent a circular on the need for good moral in order to win the war (Archutegui and Bernad, 1972:163).

1935 The China Clipper piloted by Capt. Edwin C. Musick which came all the way from Alameda,

PANAKLAYAN – kapirasong kahoy, tabla o kawayan na may ukab at may taling pangkabit sa baywang na angkop pagsusuksukan ng itak o gulok

Hal.: Naiwan na naman ni tatay ang kanyang gulok. Saan kaya niya nailagay ang kanyang *panaklayan*?

PUNGI – hayop na putol ang buntot

Hal.: May nagbigay sa akin – isang tutang *pungi*, balahibo ay puti.

PUPOG – todo-todo, maririin at may katagalang paghalik

Hal.: Panay ang *pupog* ni Rico sa kanyang bunso matapos ang halos dalawang taong hindi nila pagkikita.

WANI – kaugalian, kustumbre ng isang tao o likas

Hal.: Ang pagmamano sa nakatatanda ay *wani* pa rin sa aming bayan.

WILIG – pagpapatak ng bahagyang tubig sa paplantsahin

Hal.: Bago plantsahin, *wiligan* muna ang gusot na damit na susuutin.

WINDANG – sira-sira, wasak na wasak, luray-luray, durugdurog; pusong sukdulan ang pagdurusa.

Hal.: *Nawindang* ang mga pananim at kabuhayan ng mga lugar na tinamaan ng bagyong Ulysses.

Sanggunian:

Benitez, Elias C. Diksyunaryo ng Dayalektong Magalleno.

California landed in Cavite City during the inaugural flight of the Trans-Pacific service of the Pan-American Airways (Saulo and de Ocampo, 1990:93).

### 30 NOVEMBER

1896 Baldomero Aguinaldo sent a circular to the municipal presidents changing the name of Mapalad (Mendez-Nunez) to Alapaap.



## Cavite Cuisine

Researched by Neriza M. Villanueva

# This month... Tochong Bangus



Namnamin ang mga pagkaing naging bahagi ng lutuing noon pa man at maging sa kasalukuyan ay maaaring ulam o meryenda sa bawat hapag ng tahanan. Tampok sa buwang ito ang isa sa madaling lutuin. Bakit hindi subukin at tikman ang resiping ito?

### Mga Sangkap:

- 1 malaking bangus (linisin at gayatin ayon sa gustong laki)
- 1 ulo ng bawang (katamtaman ang laki, balatan at hiwain palapad)
- 1 sibuyas (gayatin pakwadrado)
- 1 pirasong luya (hiwain pahaba)
- 2 katamtamang laking kamatis (hiwa-hiwain)
- 1 pulang *bell pepper* (gayatin, pahilis at pahaba)
- 1 tali ng kangkong
- 2 talong (hiwain ayon sa laki)
- 2 tahure (Kung walang tahure: 2 tokwa)
- 2 itlog na maalat (ligisin)
- 1 kutsarang asukal
- toyo, mantika, suka, asin (ayon sa panlasa)
- 2 basong tubig

### Paraan ng Pagluluto:

Sa katamtamang lakas ng apoy, painitin ang mantika sa kawali. Prituhin ang lahat ng inasnang bangus. Igisa ang bawang, sibuyas, kamatis, sili, at luya. Ilagay ang dinurog at pinaghalong tahure at suka (o dinurog at pinaghalong tokwa, kaunting toyo at suka). Lagyan ng 1 at kalahating baso ng tubig. Haluin at takpan. Pakuluin nang 5 minuto. Idagdag ang talong at kangkong. Ilagay ang niligis na itlog na maalat. Pakuluin muli hanggang maluto. Tikman kung ayos na ang lasa at timpla. Ilagay ang mga piniritong bangus. Sa mahinang apoy, pabayaan pang kumulo nang ilang minuto. Hanguin at ihaing mainit.

